Mensahe Siyam

## Ang Paghahatol ng Diyos sa Ehipto at Babilonia

Babasahin sa Kasulatan: Jer. 46:2-28; 50:1, 8-16; 51:6-9, 24-25, 28-37, 44-45, 58-64

**I. Ang aklat ng Jeremias ay naglalahad ng isang larawan ng pagpasok ng Diyos upang parusahan at hatulan ang mga bansa, na sumasagisag sa mga aspeto ng sanlibutan—46:2; 47:1; 48:1; 49:1; 7, 23, 28, 34; 50:1:**

A. Sa pagsasalita hinggil sa mga bansa, binabanggit muna ni Jeremias ang Ehipto (46:2-28) at ang Babilonia sa huli (kap. 50—51):

1. Nagpapahiwatig ito na, sa pananaw ng Diyos, ang sanlibutan ay una maka-Ehipto at pagkatapos ay maka-Babilonia.
2. Ayon sa larawan sa aklat ng Jeremias, ang huling bansa na hahatulan ay ang Babilonia; kapag nahatulan ng Diyos ang Babilonia, ang Kanyang paghahatol sa mga bansa ay makukumpleto.

B. Para sa pagsasakatuparan ng ekonomiya ng Diyos, ang ekklesia, ang Bagong Tipang hinirang ng Diyos, ay dapat maihiwalay mula sa sanlibutan sa lahat ng aspeto nito—Juan 17:14, 16; Roma 12:2; 1 Juan 2:15-17.

**II. Nagsasalita ang Jeremias 46:2-28 hinggil sa paghahatol ng Diyos sa Ehipto:**

A. Ang Ehipto ay sumasagisag ang sanlibutan ng ikabubuhay at katamasahan, na sa pamamagitan nito si Satanas, ang pinuno ng sanlibutan, na sinagisag ni Faraon, ang pinuno ng Ehipto, ay inookupa at kinakamkam ang bayang pinili ng Diyos para sa Kanyang ekonomiya—Gen. 12:10; 41:57-42:3; Bil. 11:4-6; Heb. 11:25; Juan 12:31:

1. Ang bansang Ehipto ay sumasagisag sa kaharian ng kadiliman, ang awtoridad ng kadiliman—Col. 1:13; Mat. 12:26.
2. Ang sanlibutan ay hindi pinagmumulan ng katamasahan; ito ay isang lugar ng paniniil, at bawat aspeto ng sanlibutan ay isang anyo ng paniniil—Gal. 4:8.
3. Sa sanlibutan hinahawakan ni Satanas ang piniling bayan ng Diyos, yaong mga itinakda para sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos, sa ilalim ng kanyang nangangamkam na kamay—Efe. 2:2; Luc. 13:11-12:
   a. Ang umiral ay isang bagay, ngunit ang umiral para sa dibinong layunin ay isa pang bagay—Roma 8:28; Efe. 1:11; 3:11; 2 Tim. 1:9.
   b. Kinamkam ni Satanas ang mga tao upang atupagin lamang nila ang kanilang pag-iral, hindi ang layunin ng Diyos sa kanilang pag-iral—Mat. 6:25, 31-33.
4. Isang aspeto ng layunin ng Diyos sa pagtawag sa atin ay ang gamitin tayo upang ilabas ang iba sa pangangamkam at paniniil ni Satanas at ng sanlibutan—Gawa 26:18; Efe. 3:9.

B. Ang sanlibutan ay isang masamang sistema na sistematikong isinaayos ni Satanas—1 Juan 2:15-17; Sant. 4:4:

1. Nilikha ng Diyos ang tao upang mamuhay sa lupa para sa pagsasakatuparan ng Kanyang layunin, ngunit ang Kanyang kaaway, si Satanas, upang makamkam ang taong nilikha ng Diyos, ay bumuo ng isang sistema ng sanlibutang laban sa Diyos sa lupang ito sa pamamagitan ng pagsasasistema sa mga tao gamit ang kultura, edukasyon, industriya, pangangalakal, libangan, at relihiyon—Efe. 3:11; Gen. 1:26-28; 2:8-9; 4:16-24.

2. Lahat ng bagay sa lupa, lalo na yaong may kinalaman sa sangkatauhan, at lahat ng bagay sa hangin ay isinasistema ni Satanas tungo sa kanyang kaharian ng kadiliman upang okupahan ang mga tao at hadlangan sila mula sa pagsasakatuparan ng layunin ng Diyos at upang ilihis sila mula sa pagtatamasa sa Diyos—1 Juan 2:15-17.
3. Ang sanlibutan ay laban sa Diyos Ama, ang mga bagay sa sanlibutan ay laban sa kalooban ng Diyos, at yaong mga umiibig sa sanlibutan ay kaaway ng Diyos—bb. 15-17; Sant. 4:4.
4. "Ang buong sanlibutan," ang makasatanas na sistema, ay "nakahilig sa masamang isa"—1 Juan 5:19:
    a. *Ang buong sanlibutan* ay binubuo ng makasatanas na sistema ng sanlibutan at ng mga tao sa sanlibutan, ang natisod na sangkatauhan.
    b. Ang *nakahilig* ay nangangahulugang nananatiling walang tutol sa saklaw ng pangangamkam at pagmamanipula ng masamang isa; ang buong sanlibutan at ang mga tao sa sanlibutan ay nakahilig nang walang tutol sa ilalim ng mapangamkam at nagmamanipulang kamay ni Satanas, ang masamang isa.
    c. Ang salitang Griyegong isinaling "masama" sa 1 Juan 5:19 ay tumutukoy sa isa na mapanira, nakapamiminsalang kasamaan, isa na nakaaapekto sa iba, iniimpluwensiyahan silang maging masama at mapanira; ang gayong masamang isa ay si Satanas, ang diyablo, kung kanino nakahilig ang buong sanlibutan.
5. Ginagamit ni Satanas ang materyal na sanlibutan at ang mga bagay na nasa sanlibutan upang sa huli ay mapailalim ang lahat ng bagay sa kaharian ni Antikristo; sa oras na yaon ay ang makasanlibutang sistema ay aabot taluktok nito, at bawat yunit nito ay maihahayag bilang laban sa Kristiyano—2 Thes. 2:3-12.
6. Ang masamang sanlibutang sistema ni Satanas, ang kaharian ng kadiliman, ay nahatulan sa pamamagitan ng gawain ni Kristo sa krus—Juan 12:31-32; 16:11:
    a. Sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan sa krus na nasa anyo ng laman ng kasalanan, winasak ng Panginoon si Satanas, na siyang nasa laman ng tao – Roma 8:3; Heb. 2:14.
    b. Sa pamamagitan ng paghahatol kay Satanas sa ganitong paraan, hinatulan rin ng Panginoon ang sanlibutan, na nakabitin kay Satanas—Juan 16:11.
    c. Ang pagtataas sa Panginoon sa krus ay nagsanhi sa sanlibutan na mahatulan at ang pinuno nito, si Satanas, na mapalayas—12:31-32.

**III. Ang Jeremias 50 at 51 ay nagsasalita hinggil sa paghahatol ng Diyos sa Babilonia:**

A. Ang Babilonia ay nagsimula sa Babel—Gen. 10:8-10:
1. Sa Babel sinanhi ni Satanas ang sangkatauhan na magrebelde sa Diyos, sumamba sa mga diyos-diyosan, at itaas ang sarili ng tao; kaya, ang Babel ang pinagmulan, ang pinanggalingan, ng pagrerebelde ng tao sa Diyos, ang pagsamba ng tao sa mga diyos-diyosan, at ang pagtataas sa sarili ng tao—11:1-9.
2. Nagkaroon ng pagpapatuloy ang Babel sa Babilonia, na, sa paningin ng Diyos, ay ang kasukdulan ng pantaong pamahalaan—Jer. 50:1; Dan. 2:32-34:

a. Si Nebukadnezar, na hari ng Babilonia, ay pinagkilanlan kay Satanas bilang ang pagsasakatawan ni Satanas—Isa. 14:4, 11-15.
b. Sinira ng Babilonia ang banal na lunsod ng Diyos at ang Kanyang banal na templo at dinala ang banal na bayan ng Diyos at ang mga sisidlan sa templo ng Diyos tungo sa pagkabihag—2 Cron. 36:17-20.

B. Sa Apocalipsis 17 at 18 ang napanauling Imperyo Romano ay tinawag na Dakilang Babilonia, na may dalawang aspeto—relihiyoso at materyal:
1. Ang Apocalipsis 17 ay isang paghahayag ng relihiyosong Babilonia—ang tumalikod sa katotohanang Iglesia Katolika Romana:
a. Sa mga mata ng Diyos ang Iglesia Katolika Romana, na siyang nagpanatili nang labis sa Hudaismo at nag-asimila nang labis sa paganismo, ay Babilonia.
b. Ang patutot sa 17:1 ay ang tumalikod sa katotohanang Iglesia Katolika Romana.
c. Dahil napopoot ang Diyos sa tumalikod sa katotohanang iglesia, sa panimula ng matinding kapighatian ay sasanhiin ng Diyos si Antikristo at ang kanyang sampung hari na wasakin ang Iglesia Katolika Romana—bb. 16-17.
2. Ang Apocalipsis 18 ay isang paghahayag ng materyal na Babilonia—ang lunsod ng Roma:
a. Sa Apocalipsis 17 at 18, ang dalawang aspeto ng Babilonia—ang relihiyosong aspeto at ang materyal na aspeto—ay pinagsama:
(1) Ang patutot sa 17:16 ay tumutukoy sa relihiyosong Babilonia, sumasagisag sa Iglesia Katolika Romana, samantalang ang babae sa bersikulo 18 ay tumutukoy sa materyal na Babilonia, sumasagisag sa lunsod ng Roma.
(2) Yamang ang Dakilang Babilonia ay may dalawang aspeto, ang lumabas mula sa kanya ay nangangahulugang lumabas kapwa sa relihiyosong Babilonia at materyal na Babilonia—18:4.
b. Ang materyal na Babilonia, ang lunsod ng Roma, ay magiging kapoot-poot sa mga mata ng Diyos sapagkat ito ay naging pinagmumulan ng kapwa makadiyablong politika at makadiyablong relihiyon—bb. 6-8; 20-24.
c. Si Kristo bilang ibang Anghel ay magliliwanag sa ibabaw ng lupa upang wasakin ang Dakilang Babilonia, ang lunsod ng Roma, gamit ang Kanyang dakilang awtoridad—bb. 1-2.

C. Ang prinsipyo ng Babilonia ay ang paghahalo ng mga bagay ng tao sa Salita ng Diyos, at ang mga bagay ng laman sa mga bagay ng Espiritu—17:1-5:
1. Ang Babilonia ay ang paghahalo ng mga bagay ng Diyos sa mga bagay ng mga diyos-diyosan:
a. Sinunog ni haring Nebukadnezar ng Babilonia ang bahay ng Diyos sa Herusalem, at tinangay ang mga sisidlan sa bahay ng Diyos para sa pagsamba sa Diyos at inilagay sila sa templo ng kanyang mga diyos-diyosan sa Babilonia—2 Cron. 36:6-7; Ezra 1:11.
b. Sa Bagong Tipan ang paghahalong ito ay napalaki ng Dakilang Babilonia—Apoc. 17:3-5

2. Dapat tayong lumabas sa bawat sitwasyon kung saan ang pantaong kapangyarihan ay naihalo sa kapangyarihan ng Diyos, kung saan ang pantaong abilidad ay naihalo sa gawain ng Diyos, at kung saan ang pantaong opinyon ay naihalo sa salita ng Diyos—18:4, talababa 1.

D. Ang Dakilang Babilonia ay may dalawang pagbagsak—ang pagbagsak ng relihiyosong Babilonia at ang pagbagsak ng materyal na Babilonia—14:8; 18:2:

1. Ang pagbagsak ng relihiyosong Babilonia ay magaganap sa simula ng matinding kapighatian—17:16-17.
2. Ang pagbagsak ng materyal na Babilonia ay magaganap sa katapusan ng matinding kapighatian—18:2, 21.
3. Ang papuri sa 19:1-4 ay kaugnay hindi pangunahin sa pagbagsak ng materyal na Babilonia kundi sa pagbagsak ng relihiyosong Babilonia, dahil sa mga mata ng Diyos ang relihiyosong Babilonia ay mas kapoot-poot kaysa sa materyal na Babilonia.

E. Hahatulan ng Diyos ang Babilonia hanggang sa sukat na walang anuman sa Babilonia ang mananatili sa sansinukob:

1. Kapwa ipinropesiya nina Isaias at Jeremias na sa sandaling mawasak ang Babilonia, hindi na ito mapanunumbalik—Isa. 14:22-23; Jer. 50:39; 51:62.
2. Kapag mawasak ng Diyos kapwa ang relihiyoso at ang politikal na Babilonia sa katapusan ng kapanahunan, iyon ang magiging katapusan ng paghahatol sa Babilonia na ipinropesiya sa mga kapitulo 50 at 51.
3. Ang Dakilang Babilonia ay mawawasak, maaalis sa lupa, at itatapon tungo sa dagat-dagatang apoy, at ang Bagong Herusalem ay ipapasok upang maging ang tanyag na sentro ng walang hanggang kaharian ng Diyos sa bagong langit at bagong lupa—Apoc. 11:15; 21:2, 10-11.

*© 2020 Living Stream Ministry*